Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Abril 2020

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Nagresulta sa lubos na pagbaba sa output ng paggawa ang pag-lockdown sa Luzon

### Key findings


Nagreresulta sa maraming pagsasara ng mga kumpanya ang mga hakbang upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19

Lubos na bumagsak ang produksyon dahil sa paghina ng pangdomestiko at foreign na demand

Bumaba ang mga rate ng mga input purchase at employment

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan




Source: IHS Markit.

Ang pag-lockdown sa kapuluan ng Luzon upang mapigilan ang paglaganap ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) ay nagkaroon ng malaking epekto sa sektor ng paggawa ng Pilipinas, ayon sa pinakabagong datos sa PMI, kung saan umabot sa pinakamababa ang naitalang headline na index. Ang mga pagsasara ng pabrika ay nagdulot ng lubos na pagbaba ng produksyon at mga bagong order, kasabay nito ay ang pinakamabilis na naitalang pagbaba ng rate ng employment sa kasaysayan ng serye. Samantala, bumagal naman ang mga daloy ng supply sa panahon ng mga pagkontrol sa hangganan at paghihigpit sa lokal na pagbiyahe. Kasunod nito, humina ang pagtitiwala sa negosyo habang nagtala ang mga kumpanya ng malalaking kabawasan sa mga pagbili at imbentaryo.

Lubos na bumagsak ang PMI® ng Paggawa ng Pilipinas ng IHS Markit nang mas mababa sa 50.0 na marka ng walang pagbabago noong Marso, na nakapagtala ng 39.7 na bumaba mula sa 52.3 noong Pebrero. Ang pinakabagong numero ay ang pinakamababang naitala sa kasaysayan ng serye, na bumagsak nang mas mababa sa 50.0 na neutral na marka sa unang beses, at nagsenyales ito ng kapansin-pansing pagbagsak ng mga kundisyon ng pagpapatakbo.

Ang produksyon ng paggawa ay isang pangunahing salik na nagreresulta sa mas mahihinang kundisyon ng negosyo noong Marso kung saan ang mga kumpanya ay nakapagtala ng pinakamabilis na pagbabawas ng output. Ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya ay ang mga hakbang ng gobyerno na i-lock down ang Luzon upang mapigilan ang paglaganap ng COVID-19 na nagresulta sa maraming pagsasara ng mga pabrika at kapansin-pansing pagbaba ng mga level ng produksyon.

Lubos ding humina ang demand ng customer mula pa noong Pebrero, habang naitala sa kasaysayan ng serye ang pinakamabilis na rate ng pagbaba ng bilang ng mga bagong order. Dahil sa mga paghihigpit sa pagbiyahe at huminang aktibidad, nilimitahan ng mga kliyente ang mga pag-order, at kasabay nito, nakaranas din ang mga kumpanya ng matinding pagbagsak sa pagbebenta sa ibang bansa.

Dahil dito, lubos na bumagsak ang aktibidad ng pagbili dahil nilalayon ng mga kumpanya na mabawi ang mga gastusin at iayon ang mga stock sa huminang demand. Kasunod nito, bumagsak ang mga imbentaryo ng mga pre-production na produkto, habang ang mga stock ng mga gawa nang produkto ay lumiit sa mabilis na rate dahil sa mas mahinang produksyon.

*ipinagpatuloy...*

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Ang paglaganap ng COVID-19 ay nakaapekto sa produksyon ng mga produkto sa Pilipinas noong Marso, dahil ang ipinapatupad na pag-lockdown ng kapuluan ng Luzon ay nagresulta sa pagpigil ng mga manufacturer sa mga operasyon hanggang sa maalis na ang mga paghihigpit. Nagresulta ang mga pagsasarang ito sa mga matinding pagbagsak sa sektor kung saan naitala ang pinakamabibilis na rate ng pagbagsak ng output, mga bagong order, employment, at mga stock ng mga pagbili.

"Samantala, ang mga kumpanyang nanatiling bukas ay nakaranas ng matinding pagkaantala sa mga paghahatid ng supplier, na pumipigil sa kanilang kakayahang makapagpatakbo nang buong kapasidad.

"Bukod pa rito, nahadlangan noong Marso ang mga benta sa paggawa, dahil kinakailangan ng mga kliyente na lubos na bawasan ang mga pag-book ng order sa panahon ng lubos na huminang demand ng consumer. Bumaba rin ang mga export dahil ipinatupad ng mga nakapaligid na bansa ang kanilang sariling mga pag-lockdown habang binabawasan ang mga order ng ibang bansa.

"Gaya ng inaasahan, hindi naging gaanong positibo ang mga negosyo tungkol sa paparating na 12-buwan. Dahil walang nakakaalam sa buong timeline ng paglaganap ng sakit, hindi pa rin matiyak ang magiging buong epekto nito sa ekonomiya sa pangkalahatan."

© 2020 IHS Markit

Dahil sa mas mababang level ng pagbili, binabaan ng mga supplier ang mga presyo ng input noong Marso, na nagresulta sa kapansin-pansing pagbaba sa kabuuang mga input cost para sa mga manufacturer. Nabanggit din bilang nakakaapektong salik ang pagbaba ng mga presyo ng petrolyo. Bilang resulta, ibinaba ng mga negosyo ang mga presyo ng pagbebenta sa panahon ng mga pagsisikap upang magkaroon muli ng benta.


Samantala, naitala naman ang pinakamababang rate ng employment sa mga producer ng mga produktong Pilipino noong Marso. Pangunahin itong nauugnay sa mga pagsasara na nangangahulugang hindi makakapagtrabaho ang mga empleyado, na nagreresulta sa maraming ulat ng mga pagkakatanggal at pagbibitiw. Dahil mahina ang demand, nagawa ng mga kumpanya na mabawasan ang mga kailangang bayaran ng negosyo.

Ang paglaganap ng COVID-19 ay naging sanhi rin ng lubos na pagbagsak ng performance ng supplier sa katapusan ng panimulang quarter. Walong sunud-sunod na buwan nang tumagal ang mga paghahatid at ito na ang pinakamatagal na pagkaantala sa kasaysayan ng serye. Ang mga paghihigpit sa transportasyon, pinaraming checkpoint, at mas mabagal na paghahatid mula sa China ay nagdulot lahat ng pagbagal.

Panghuli, ang perspektiba ng mga manufacturer sa Pilipinas ay bumagsak sa pinakamababang antas ng pagiging optimistiko sa kasaysayan ng serye noong Marso. Bahagyang positibo lang ang kabuuang antas ng pagtitiwala dahil ang mga alalahaning nauugnay sa pangmatagalang epekto ng paglaganap ng coronavirus ay nakaapekto sa mga kalkulasyon sa negosyo. Gayunpaman, ang mga pag-asang mabilis na makakabalik sa mga normal na operasyon at makakabawi sa mga bagong kontrata ay nakatulong na bahagyang mabalanse ang mga negatibong prediksyon.

PMI Output Index — Produksyon ng manufacturing

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan — %yr/yr




Sources: IHS Markit, CSO.

## Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

### Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Marso 2020 ay nakolekta noong 12-25 Marso 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.